
# High Speed vs. Low Speed

## Torque Relationship and Applications

Ang pagkakaiba ng isang high speed engine sa isang low speed engine ay ang **RPM** at ang **Torque**. Ang rpm at torque ay inversely proportional sa isa't isa. Sa madaling salita, kung ang maximum rpm ay tumaas, ang maximum torque ay bababa. Sa kabaliktaran, kung ang maximum torque ay tumaas, and maximum rpm ay bababa.






### High Speed Engine

- Ito ay may kakayahan na magproduce ng mataas na rpm or speed.
- Ito ay gumagamit ng higher gearing o pinababa ang sukat ng driven na gear para makapag produce ng mas mataas na rpm.
- Mas mababa ang maximum torque na pwedeng ma-i-produce ng isang high speed engine.

### High Speed Engine Applications

- Ang mga high speed na engine ay madalas ginagamit kung ang nais ng konsumer ay bilis sa kanyang pag-gagamitan.
- Isa sa mga aplikasyon ng high speed engine ay mga karera kung saan importante ang bilis.
- Pagpapatakbo ng mga air compressors, pumps, at iba pa.

### Low Speed o High Torque Engine

- Ito ay may kakayahan na magproduce ng mataas na torque.
- Ito ay gumagamit ng lower gearing o pinataas ang sukat ng driven na gear para makapag produce ng mas mataas na torque.
- Mas mababa ang maximum rpm o speed na pwedeng ma-i-produce ng isang low speed engine.

### Low Speed o High Torque Engine Applications

- Ang mga low speed na engine ay maaaring gamitin sa mga aplikasyon na nangangailangan na humatak ng mabibigat na bagay.
- Isa sa mga aplikasyon na pwedeng gamitin ang low speed engine ay ang pagdadala ng mga mabibigat o mataas na bilang ng mga kalakal papunta sa ibang lugar.
- Mga aplikasyon na may kinalaman sa konstruksyon at iba pa.